Cheshire & Merseyside
Cancer Alliance

NHS

# cancer patient experience survey



Kung nais mo itong impormasyong ito sa ibang format, halimbawa sa mas malaking titik o sa ibang wika, mangyari lamang na kontakin ang Cheshire and Merseyside Cancer Alliance: **ccf-tr.admin.cmca@nhs.net**

Nais malaman ng NHS kung ano ang mahusay sa paggamot ng kanser at mga tumor para sa mga kabataan, at kung paano ito maaaring mapabuti pa. Maaaring mapahusay nang lubos ang paggamot at pag-alaga sa kanser sa England kapag pinakinggan ang mga karanasan mismo ng mga pasyente.

Inilunsad noong 2020 ang Under 16 Cancer Patient Experience Survey o sarbey para sa mga pasyenteng may kanser na mas bata sa 16 taon. Ipinadala ito sa mga kabataang mas bata sa 16 na nakatanggap ng pag-alaga sa iilang ospital (ang tawag sa mga ito ay Principal Treatment Centres) sa England, at sa kanilang magulang o tagapag-alaga. Maaari ring makilahok sa sarbey ang mga kabataan 16 taon na, kung nakatanggap sila ng pag-alaga noong sila ay 15 taon.

May mga tanong rin sa sarbey tungkol sa mga paksa tulad ng ward sa ospital, mga empleyado ng ospital, at ang paggamot na natanggap; at inaanyayahan ang mga kabataan at magulang/tagapag-alaga na ibigay ang kanilang pananaw.

Kung ikaw ay inanyayahang makilahok sa Under 16 Cancer Patient Experience survey, mangyari lamang na makibahagi at sagutin ito upang ipaalam ang iyong mga pananaw.

Ipapadala ang sarbey sa pamamagitan ng post o koreo, ngunit maaari itong sagutin online o sa telepono, kung nais mo. Makakatanggap ka ng sulat kasama ng sarbey na magpapaliwanag kung paano gawin ito.

Kung kailangan mo ng sarbey sa ibang format o wika, o kung mayroon kang tanong, mangyari lamang na kontakin ang Picker (tagapamahala ng sarbey). Ang mga detalye upang makontak sila ay nasa sulat ng imbitasyon.

Hindi makikita ng mga propesyonal na gumagamot sa iyo ang mga sagot mo sa sarbey. Kung may pag-aalala ka sa iyong kalusugan o sa iyong kalagayan, mangyari lamang na kontakin ang iyong GP o espesyalistang nars. Mananatili tulad nang dati ang iyong pag-alaga, sagutin mo man ang sarbey o hindi.

Mahahanap ang karagdagang impormasyon tungkol sa Under 16 Cancer Patient Experience Survey dito: www.under16cancerexperiencesurvey.co.uk

Mangyari lamang na kontakin ang Picker (tagapamahala ng sarbey) para sa mga sumusunod:

- Kung ikaw ay may tanong o komento tungkol sa sarbey,
- Kung gusto mong sagutin ang sarbey sa telepono,
- Kung kailangan mo ng sarbey sa ibang format (halimbawa sa ibang wika),
- O kung ayaw mo makilahok

**Mga detalye upang makontak ang Picker:**

Freephone helpline (at serbisyo sa pagsalin): 08000 720 069

Email: under16cancersurvey@PickerEurope.ac.uk

Website: www.under16cancerexperiencesurvey.co.uk

cancer patient experience survey